Paghahanda sa Pagpasok sa Public Elementary School sa Nishitokyo City

Para sa mga Dayuhan Mag-aaral

Patnubay sa Pagpasok sa Mababang Paaralan



Mga Nilalaman

1	Mga Prosesong Gagawin bago makapasok sa Mababang Paaralan	1
2	Ang Isang Araw sa Paaralan	3
3	Mga Okasyon sa Loob ng Isang Taon	4
4	Mga Kailangang Gawin ng Bata at Magulang /Tagapag-alaga	6
5	Mga Hindi Dapat Dalhin O Gawin sa Paaralan	8
6	Check List – Mga Kayang Gawin Mag-isa ng Bata	8
7	Mga Gamit sa Paaralan	9
8	Kalusugan ng Bata at Klinika ng Paaralan	11
9	Pakikipag-ugnayan ng Guro at Magulang/Tagapag-alaga	12
10	Pagkakataon para Malaman ng mga Magulang/ Tagapag-alaga ang Buhay sa Elementarya	14
11	Tungkol sa mga Bayarin sa Paaralan	15
12	Mga Salitang Ginagamit sa Paaralan	16
13	Educational Couseling/Konsultasyon	19

Itong guidebook ay nagbibigay ng mga batayang inpormasyon tungkol sa publikong mababang paaralan ng Nishitokyo City. Makakakuha ng mas detalyadong inpormasyon sa paaralang nais pasukan ng inyong anak.

1 Mga Prosesong Gagawin bago Makapasok sa Mababang Paaralan

Sa mababang paaralan (SHOU-GAKKO) sa bansang Hapon, ang pasukan ay nagsisimula tuwing buwan ng Abril. Nagsisimulang mag-aral ang bata sa edad na anim (6) na taon.

①Aplikasyon para sa Pagpasok sa Paaralan

Kung walang Japanese Nationality ang inyong anak, kailangan ang aplikasyon para sa Pagpasok sa Paaralan (SHUGAKU NEGAI). Dalhin ang Residence Card ng bata, mag-apply sa Educational Planning Section (KYOUIKU KIKAKUKA) sa Hoya Chousya 3rd floor.

Tel 042-438-4071

Kung mayroon Japanese Nationality ang inyong anak, hindi na kailangang mag-apply.

② Pagpapacheck-up

Bago ang pasukan, mayroon matatanggap na inpormasyon tungkol sa pagpapacheck-up. Kailangan magpa-check up sa paaralang nais pasukan ng inyong anak.

③ Notipikasyon ng Pagpasok sa Paaralan

Makakatanggap ng SHUUGAKU TSUCHI (postcard) sa buwan ng Enero. Dalhin at ipasa sa paaralan ang notipikasyon na ito sa Entrance Ceremony (NYUUGAKU SHIKI).

④ Orientation (SETSUMEI KAI)

Mayroong orientation (SETSUMEI KAI) sa Enero o Pebrero. Kailangan pumunta sa orientation sa paaralang papasukan ng inyong anak. → Sumali po tayo !

⑤ Entrance Ceremony/Pasukan(NYUUGAKU SHIKI)

May magagawang Entrance ceremony sa Abril. Kailangang dalhin at ipasa ang notipikasyon ng pagpasok sa paaralan (SHUUGAKU TSUCHI).

Student Card（JIDOU CARD）

Kailangang ipasa sa paaralan ang JIDOU CARD.

Kung mayroon katanungan , itanong sa homeroom teacher(TANNIN NO SENSEI).

Ang nga isusulat sa JIDOU CARD.

○Pangalan, grade, at edad ng anak ninyo, magulang/tagapag-alaga at mga kapatid.

○ KINKYU RENRAKUSAKI (Mga taong tatawagan kung sakaling magkaroon ng emergency)

Isulat ninyo ang numero ng mga taong magsusundo sa inyong anak kung sakaling magkaroon ng emergency katulad ng magulang, kapitbahay na maaasahan. Kailangang may 3 o 4 na taong matatawagan.

○Mga kailangan ipaalam sa homeroom teacher

・Tungkol sa allergy, sakit at kalusugan

＜ex.＞ Kapag kumain si Kenta ng itlog, ang kanyang buong katawan ay namgamgati.

・Tungkol sa Pamumuhay at atbp.

＜ex＞ Si Iwan ay hindi tahimik na bata.

Si Rina ay hindi pa niya alam ang lifestyle at kultura ng Japan.

㊙ 2年間保存　児　童　カ　ー　ド

年　月現在　保谷第二小学校　年　組　番

ふりがな		性別	自宅電話	（　）	
児童名（生年月日）	（平成　年　月　日生）		地区名	地区	班
ふりがな		現住所	西東京市		
保護者名			町　丁目　番　号		
保護者の緊急連絡先（電話番号だけの記入でもかまいません。）	父 携帯電話（　） 職場の電話（　）	近所の児童	氏名	年　組	
	母 携帯電話（　） 職場の電話（　）		氏名	年　組	
			氏名	年　組	

家族構成	続柄	氏名	学年・組等	備考
	本人			

保育歴（1年生のみ記入）	年　月～　年　月　日まで（幼稚園在園 保育園在園）
健康・その他で連絡しておきたいこと	

災害時引き取り人		氏名	続柄	電話
	1			（　）
	2			（　）

引き取り人は、原則として、保護者か同居の親族とします。
（親族以外の場合、実際の非常時に、責任を持って引き取りに来られる方とします。）

児童名（じどうめい）	Pangalan ng Bata
保護者名（ほごしゃめい）	Pangalan ng Magulang
自宅電話（じたくでんわ）	Telepono sa Bahay
地区名（ちくめい）	Pangalan ng grupo distrito
緊急連絡先（きんきゅうれんらくさき）	Teleponong tatawagan sa biglaang pangangailangan
携帯電話（けいたいでんわ）	Numero ng cell phone
職場の電話（しょくばのでんわ）	Telepono sa trabaho
近所の児童（きんじょのじどう）	Kaibigan malapit
家族構成（かぞくこうせい）	Miyembro ng Pamilya
続柄（ぞくがら）	Relasyon sa Bata
保育歴（ほいくれき）	Day Care history
災害時引き取り人（さいがいじひきとりにん）	Taong susundo sa bata sa biglaang pangangailangan

2 Ang Isang Araw sa Paaralan

Ang isang araw sa paaralan ay magkakaiba depende sa paaralan. Kailangan alamin ang time schedule (JIKANWARI HYOU).

＜HALIMBAWA＞

8：15～ 8：25	TOUKOU－ Ito ay ang pagpunta sa paaralan. TSUUGAKU-RO –Ang dinaraanan pagpasok at pag-uwi. Kung sakaling mahuhuli o hindi makakapasok ay siguraduhing ipaalam ito sa paaralan.
8：30～ 8：45	Meeting(SHUUKAI)- sa seremonyang ito, lahat ng mag-aaral ay makikinig ng sasabihin ng guro sa gym o ground.
8：45～	Klase (JUGYOU) Ang pagtuturo ng nga aralin ay isasagawa lahat ng homeroom teacher (TAN-NIN). Ang bawat subject ay 45 minuto at may 4 na klase sa umaga. Iba-iba ang subject na pinag-aaralan depende sa araw. Mayroon 5 minuto na break (YASUMI JIKAN) at 20 minuto na break (NAKA YASUMI) bago magsimula ang susunod na subject. Sa oras ng break lamang maaring pumunta sa CR.
12：25～ 13：05	Tanghalian, School Lunch (KYUUSHOKU) Ang (KYUUSHUKO) ay ang inihandang pagkain ng paaralan.(Mayroon bayad.) Mayroong kanya-kanyang nakatalang araw ang bawat mag-aaral sa pagbibigay at pagliligpit. Tinatawag itong “ KYUUSHOKO TOUBAN ”. May mga pagkakataon na hindi magbibigay ng pagkain ang paaralan. Bago pa man ang araw na ito ay agad ipapaalam ng paaralan sa mga magulang/tagapag-alaga.
13：05～ 13：45	Lunch Break (HIRU YASUMI) Paglilinis(SOUJI) – Sabay na maglilinis ang mga mag-aaral at kanilang guro.
13：45～	Klase (JUGYOU) May araw na walang klase sa hapon. Afternoon Homeroom (KAERI NO KAI) – Ito ay class meeting sa hapon. Sa meeting na ito, ibibigay ang mga ‘ RENRAKU PURINTO ’, tatalakayin ang mga aktibidad sa susunod na araw (maliban sa aralin, pakikisama sa mga kapwa mag-aaral at paglilinis, pagkain ng paaralan at break). GEKOU – pag-uwi galing sa paaralan. HOUKAGO – ang oras pagkatapos ng klase.

GAKUDOU-CLUB - Ito ay gawain pagkatapos ng klase sa elementarya. Para sa mga magulang o tagapag-alaga na umuuwi ng gabi dahil sa trabaho, maari ninyong iwan ang inyong anak at isali sa club. Kailangan ninyong mag-apply.

Para sa detalyadong inpormasyon tumawag sa Children and Youth Institution Section (Nishitokyo Siyakusyo Kosodate Shienbu Jidou Seisyounenka:TEL042-460-984

3 Mga Okasyon sa Loob ng Isang Taon

Walang pasok tuwing Sabado, Linggo, at National Holidays pero may pagkakataon din na mayroon klase.

Ang Isang araw sa paaralan ay iba-iba depende sa paaralan. Kailangan basahin ito.

1 gakki (4/6～7/20)	Pasukan (NYUUGAKU SHIKI)- Ang seremonyang ito ay pagsalubong sa mga bagong estudyante. Pasukan (SHIGYOU SHIKI) – Ito ay isang seremonya bago magsimula ang semester. Pagsukat ng katawan (SHINTAI SOKUTEI) –Pagsukat ng taas at timbang ng katawan, pagpapacheck-up sa doctor. Pagtatapos (SHUUGYOU SHIKI) – Ito ay nagaganap sa katapusan ng semester. Matatanggap ng mga estudyante ang TSHUCHI HYOU (Report Card).
Natsu Yasumi (7/21～8/31)	Mayroong Swimming Class sa swimming pool ng paaralan sa ilang nakatakdang araw. Mayroong homework habang summer break. Dalhin ang mga ito sa pasukan(SHIGYOU SHIKI) sa Setyembre.
2 gakki Ikalawang Semestre (9/1～12/25)	Pasukan (SHIGYOU SHIKI) – Mayroong ‘ HIKITORI KUNREN ’. May pagkakaton na sa 1 gakki ginagawa ito depende sa paaralan. Pagtatapos (SHUUGYOU SHIKI)
Huyu Yasumi Winter break	Mayroong homework habang winter break. Dalhin ang mga ito sa pasukan(SHIGYOU SHIKI) sa Enero.
3gakki Ikatlong Semestre (1/8～3/25)	Pasukan (SHIGYOU SHIKI) Pagtatapos(SHUURYOU SHIKI)- Ito ay ginaganap bilang pagtatapos ng isang baitang ng bata. Graduation Ceremony (SOTSUGYOU SHIKI) – Ito ay seremonya ng pagtatapos ng nga estudyante sa ika-anim na baitang.
Haru Yasumi Spring Break (3/26～4/5)	Pagkatapos ng bakasyon na ito ay magsisimula ulit ang pasukan at aakyat sa susunod na baitang ang mga mag-aaral.

① Report Card(TSUUCHI HYOU)・・・Ang report card ay para malaman ng mga magulang o tagapag-alaga ang grado ng kanilang mga anak. Ibat iba ang tawag sa report card tulad ng ‘ AYUMI ’at iba pa, depende sa paaralan. Matatanggap ito sa SHUUGYOU SHIKI o pagkatapos ng mga klase at kailangang isauli ng may stamp (HANKO) sa susunod na pasukan.

② Evacuation Drill (HIKITORI KUNREN) – Ito ay isang drill na isinasagawa bilang paghahanda sa mga sakuna na maaring mangyari. Ang drill na ito ay ang pagsundo ng mga magulang/tagapag-alaga ng kanilang mga anak mula sa paaralan.

※ HANKO・・・Ilagay ang stamp o hanko sa HOGOSYAIN ㊞.
Hindi tinatanggap ang pirma lamang.

Mga masasayang okasyon (Iba-ibang okasyon depende sa paaralan)

1. Athletics Meet (UNDOU-KAI)

Ito ay masayang palaro na may mga paligsahan (contest) sa Pagtakbo, relay at pagsayaw. Lahat ng mag-aaral ay kasali. Maaring itong panoorin ng mga magulang o tagapag-alaga. Basahin ang sulat ng paaralan (renraku purinto) para malaman kung kailangan magdala ng baon ang mga bata.

2. Field Trip (ENSOKU)

Ito ay isang aktibidad kung saan may pupuntahan ang mga mag-aaral na hawig sa isang outing. Kailangang magdala ng baon ang mga bata.

Hindi ang school bag (LANDOSERU) ang gagamitin kundi Knap sack/ruck suck.

3. Swimming Class

Sa mababang paaralan ng Japan, mayroong swimming class mula Hunyo hanggang Setyembre. Sa umaga bago ang swimming class, susukatin ang temperatura ng katawan at isusulat sa Swimming Card (SUIEI CARD – ang card na ito ay matatanggap sa paaralan). Pagkatapos ay ilalagay ang HANKO (stamp). Kailangan ipadala ang card na ito sa bata kapag may swimming class.

4. Presentation of Study (GAKUSHUU HAPPYOU-KAI)

Ito ay isang presentasyon ng mga ginawang larawan o tula sa klase at maging ang mga report na pinag-aralan. Maaring dumalo ang mga magulang/tagapag-alaga at lahat ng mga mag-aaral.

5. School Play (GAKUGEI-KAI)

Ang bawat baitang ay magsasagawa ng dula. Maaring dumalo ang mga magulang/tagapag-alaga at lahat ng mga mag-aaral.

6. Concert (ONGAKU-KAI)

Ang bawat baitang ay kakanta o tutugtog ng mga instrumento. Maaring dumalo ang mga magulang/tagapag-alaga at lahat ng mga mag-aaral.

7. Exhibition (TENRAN-KAI)

Ito ay isang exhibition kung saan nakadisplay ang mga ginawang Sining ng mga mag-aaral. Maaring dumalo ang mga magulang/tagapag-alaga at lahat ng mga mag-aaral.

8. School Excursion (IDOUKYOUSHITSU)

Ito ay isang aktibidad na na kung saan lahat ng nasa ika-6 na baitang na mag-aaral ay may pupuntahan at titigil ng ilan gabi. Mayroon babayarin.

4 Mga Kailangang Gawin ng mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga sa bahay

①Mga gagawin araw-araw pagkauwi ng inyong anak

Kailangang tignan ang

・Ito ay notebook para makapag-ugnayan ang guro sa mga magulang/tagapag-alaga.

Ginagamit ito ng mga magulang para makapag-ugnayan.

Basahin ang RENRAKU PURINTO

・Nakalagay ang mga mahahalagang inpormasyon katulad ng mga detalye ng school, mga kailangan dalhin, events atbp. sa papel na ito. Huwag itong itapon kaagad.

・Tinatawag rin ito na ‘OTAYORI’ O ‘OTEGAMI’. Iba’t iba ang tawag dito.

Basahin ang homework ng inyong

・Ang mga homework ng mga unang baitang ay Hiragana at Kanji, Matematika at iba pa.

・Mayroon din pagbasa ng malakas at ilang ulit ng aklat ng wikang hapon (ONDOKU).

Kailangan ihanda ang mga dadalhin

・Basahin ninyo ng mabuti ang sinusulat sa RENRAKU CHOU (correspondence notebook) kasama ng anak ninyo at alamin kung ano ang gagamitin sa klase. Tapos ipapasok ninyo ang mga kailangan sa LANDOSERU (School Bag).

・May mga pagkakataong nagbabago ang aaraling subject.

Siguraduhin na walang makalimutan na kailangan dalhin !

② Ihanda ang mga gagamitin sa paaralan

・Sasabihin ng paaralan ang mga mahalagang gamit na kailangang ihanda ng mga magulang/tagapag-alaga bago ang takdang araw.

＜ex＞Swimsuit ・ Key Board Harmonica ・ Recorder ・ Ruler atbp.

③ May mga kailangang labhan ng Sabado at Linggo at kailangang dalhin sa paaralan sa Lunes.

・Sa linggo kung kailan nagsilbi ng tanghalian ang mga bata, iuwi ang apron at labhan ito sa bahay. Dadalhin ito sa paaralan sa araw ng Lunes.

④ Kung mahuhuli sa klase o maagang uuwi･･･

・Siguraduhin ipaalam sa paaralan.

・Kung mahuhuli sa klase, kailangang ihatid ng mga magulang/tagapag-alag ang bata.

・Kung uuwi ng maaga, kailangang sunduin ng mga magulang/tagapag-alaga ang bata

Labis na mag-aalala ang mga guro kapag wala ang bata sa paaralan, kaya ugaliing ipaalam kung mahuhuli ang bata o uuwi nang maaga!

5 Mga Hindi Dapat Dalhin o Gawin sa Paaralan

☐ Mga hindi dapat dalhin

×Pera, cellphone, pagkain, meryenda, laruan

☐ Mga hindi dapat gawin

×Bawal magkulay ng buhok. Bawal din magsuot ng mga accessories tulad ng hikaw.

× Bawal pumasok ng nakabisikleta(JITENSHA).

×Bawal lumiban sa klase o umuwi ng maaga nang hindi nagpapaalam.

6 Check List – Mga Kayang Gawin Mag-isa ng Bata

☐ Nag-iingat sa kotse at streetlight at dumadaan sa daanan papunta sa paaralan. Makasulat at makabasa ng pangalan sa Hiragana.

☐ Sa oras na tawagin ang inyong anak, makakasagot ng Hai(Opo).

☐ Alam sabihin ang address at telepono ng inyong bahay. (Hindi dapat sabihin sa hindi kakilalang tao).

☐ Kayang magsuot at maghubad at pagliligpit ng damit nang mag-isa.

☐ Kayang magsuot at maghubad ng sapatos nang mag-isa.

☐ Makapunta sa CR nang mag-isa.

☐ Nakakakain ng pagkain gamit ang HASHI(chopstick),kutsara at tinidor.

☐ Kung may problema o may anumang masakit, sasabihin sa guro o kamag-aral.

☐ Nagliligpit ng sariling mga gamit at mga rain coats.

Bago pasukan sa paaralan, ituro sa inyong anak ang dinaraanan daan pagpunta sa paaralan at pag-uwi !

7 Mga Gamit sa Paaralan

Mga gamit sa paaralan ay iba ’ t iba depende sa paaralan. Siguraduhin alamin ito.

Mga gagamitin sa paaralan (MOCHIMONO)lahat ng gamit ay lagyan ng pangalan !

mga textbook

toolbox

correspondence notebook

Name tag

sombrero

burglar alarm

notebook

Mga kailangang ihanda ayon sa patakaran ng paaralan

Indoor shoes

P.E. wear

Pula/puti caps

disaster protection hood

Mga kailangan ihanda bago o pagkatapos ng Nyugaku shiki

String bag

landoseru(school bag)

sapatos na pang PE

Writing implements（Lapis・eraser)

payong

basahan

Mga kailangang ihanda pagkatapos makatanggap ng tawag mula sa paaralan

Ruler

color pencils

pandikit

gunting

Keyboard harmonica

recorder

skipping rope

swimming wear

8 Kalusugan ng Bata at Klinika ng Paaralan

Iniingatan sa paaralan ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral.

① Klinika (HOKEN SHITSU)

Lahat ng mababang paaralan ay mayroong klinika (HOKEN SHITSU) at School Nurse (HOKEN NO SENSEI).

Kung masugatan o magkasakit ang mga mag-aaral sa loob ng paaralan, lalapatan sila ng paunang-lunas (First Aid).

Tatawagan at ipasundo ng School Nurse sa mga magulang/ tagapag-alaga ang bata kung kinakailangan.

② Health Survey

Agad itong ipamimigay sa pasukan. Isulat ang numero na maaring tawagan sa oras ng emergency, history ng sakit, allergy, bakunang kinuha bago pumasok at ibigay ito sa paaralan.

③ Health Check-up (KENKOU SHINDAN)

May magagawang health check-up sa paaralan. Isusulat sa kenkou card and resulta ng check-up. Pagkatapos basahin, ilagay ang hanko at isauli ito sa paaralan.

④ Kung magkaroon ng nakakahawang sakit

Kung magkaroon ng nakakahawang sakit katulad ng influenza, parotitis, tigdas, bulutong, hindi sila pahintulutang pumasok sa paaralan. Ito ay upang maiwasang mahawaan ang ibang tao.

⑤ Temporary closing of classes (GAKKYUU HEISA)

Ang isang dahilan ng pagkakaroon ng temporary closing of classes (GAKKYUU HEISA) ay dahil may ilan mag-aaral na nagkaroon ng nakakahawang sakit, ang buong klase ay pansamantalang walang pasok. Sa mga araw ng GAKKYUU HEISA, ang mga mag-aaral na walang sakit ay kailangan din nasa loob lang ng bahay(huwag maggala sa labas sa oras ng klase sa paaralan).。

⑥ Ang maagang matulog maagang gumising (HAYANE HAYAOKI)

Kailangang kumain ng almusal bago pumasok upang masigla sila sa paaralan. Matulog ng maaga upang magkaroon ng sapat na pahinga.

9 Pakikipag-ugnayan ng Guro at Magulang /tagapag-alaga

① Gamitin natin ang RENRAKU CHOU (Correspondence Notebook)

Kung liliban o mahuhuli sa klase ang bata, kailangang ipaalam sa paaralan. Kung liliban o mahuhuli sa klase, isulat ito sa RENRAKU CHOU at ipadala ito sa sinumang kapatid o kapitbahay at ipabigay sa paaralan.

＜halimbawa＞

Magandang umaga po.
＜ex１＞Mag-aabsent po dahil sa sakit.
＜ex２＞Mahuhuli po sa klase dahil pupunta muna kami sa hospital.
＜ex３＞Uuwi po ng maaga ngayon dahil may mahalagang gagawin.
Maraming Salamat po.

・Sa Japan, hindi lumiliban sa klase ang mga mag-aaral maliban na lang kung may sakit o nasugatan.

・Kung hindi ninyo ipinaalam sa paaralan ang pagliban o pagiging huli sa klase, mag-aalala ang mga guro sa paaralan. Huwag nating kalimutang ipaalam sa paaralan.

・Kung hindi makakasali sa klase ng PE ang bata dahil sa sakit o sugat, dapat itong ipaalam sa homeroom teacher. Gamitin ang RENRAKU CHOU at isulat ang tungkol sa pagliban na ito.

◎Kung may nakalimutan na isulat sa RENRAKU CHOU ang dapat ipaalam, kailangang tumawag sa paaralan.

② Basahin natin ang GAKUNEN DAYORI (School Newsletter)

Makakakuha ng mga mag-aaral ng iba't ibang 'RENRAKU PURINTO' (mga sulat galing sa paaralan).

※Ang 'GAKUNEN DAYORI' ay isa sa pinakamahalagang sulat, nakalagay dito ang mga kailangang ihanda o kung ano ang pag-aaralan sa klase. Dapat basahin ng mabuti at maintindihan ang nakasulat dito.

※「Ang GAKUNEN DAYORI」ay nag-iiba ang titulo ng newsletter depende sa paaralan.

③Magpasa ng application form
～Itong form na ito ay para sa okasyon na sasalihan at may kailangang bayaran sa paaralan～

Magfill-up ng application form at ibigay ito sa homeroom teacher.



＜halimbawa＞

Hatiin ang papel mula sa linyang ito. Ipasa ang ibabang bahagi.

Isulat ang pangalan ng inyong anak.

Isulat ang pangalan ng magulang/tagapag-alaga. Kung nakalagay ang ㊞ 、kailangang ilagay ang stamp (HANKO) dito.

Bilugan ◯ ang inyong sagot.

④.Group Mail, or Sugu(Quick) mail, galing sa paaralan para Sa magulang

Ang Paaralan ay maghahatid ng grupong mail/babala sa panahong tulad ng may bagyo, heavy snow, at inpormasyon tungkol sa kahina-hinalang tao sa paligid. Kailangan mag-register para makatanggap ng mail. Makakatanggap ng registration manual galing sa paaralan, kailangan mag-register ng mail address tuwing taon.

5 RENRAKU MOU (Call Network)

Ito ay isang paraan kung saan gumagamit ng telepono para makapag-ugnayan ang paaralan sa inyo.

Kung mayroon hindi maintindihan, magtanong sa ibang kilalang magulang/tagapag-alaga.

Kung hindi kayo nakakaintindi ng Japanese, ipaalam ito sa paaralan.

10 Pagkakataon Para Malaman ng mga Magulang o Tagapag-alaga ang Buhay sa Elementarya

Sa paaralan, mayroon pagkakataon ng mga magulang/tagapag-alaga at homeroom teacher na magtipon-tipon.

① Parent/Teacher Meeting(HOGOSHA KAI)

Dito ay magkikita-kita at mag-uusap ang magulang sa paaralan para talakayin at magpalitan kaalaman tungkol sa pamumuhay sa tahanan ng kanilang mga anak, at tatalakayin din ng homeroom teacher ang pamumuhay atbp.sa paaralan. Kahit hindi marunong sa Japanese, sumali tayo.

② Open Class

Ito ay araw ng pag-bisita at pag-obserb sa klase ng inyong anak.

③ Indibidwal na panayam (KOJIN MENDAN)

Indibidwal na pakikipag-usap ng homeroom teacher sa bawat magulang/tagapag-alaga ukol sa inyong anak.

④ Pagdalaw sa bahay (KATEI HOUMON)

Ang homeroom teacher ng inyong anak ay dadalaw sa bahay ninyo upang kausapin ang mga magulang tungkol sa pamumuhay ng bata sa silid aralan. (Mayroon din paaralan na walang nagagawang Katei Houmon) .

11 Tungkol sa mga Bayarin o Matrikula sa Paaralan

Alamin natin ang mga babayarin o matrikula sa Paaralan.

① Matrikula at ang mga Libro

・Sa pampublikong paaralang elementarya (SHOU-GAKKO), ang matrikula at mga libro ay walang bayad.。

② Educational Material Fee (KYOZAI HI)

・Fees for education materials　must be paid from time to time.

・When it is time for collection, magbibigay ang homeroom teacher ng SHUUKIN BUKURO (sobre kung saan ilalagay ang pera).

・ Eksaktong pera ang ilagay sa Shukin bukuro at ipadala ito sa bata sa takdang araw.

③ School Lunch Fee(KYUUSHOKU HI)

・Ang school lunch ay kailangang bayaran.

・ Kailangan mag-open ng account ang mga magulang/tagapag-alaga sa bangko na itinakda ng paaralan, and the fee will be withdrawn from there.

④ PTA Fees

Ang PTA fee ay kailangan tuwing Mayo. Kailangang ilagay sa sobre at ipadala sa anak ninyo.

※ Mayroon din mga paaralan na walang PTA.

PTA (Parents and Teachers Association)
Lahat ng magulang/tagapag-alaga ay nagiging miyembro ng PTA. Pangungunahan ito ng mga representative sa bawat baitang. Magsasagawa sila ng mga aktibidad sa distrito at magpapatrolya sa komunidad upang masiguro ang kaligtasan ng mga bata.

12 Mga Salitang Ginagamit sa Paaralan

Mga Tao sa Paaralan

校長先生⇒ Principal 、副校長先生⇒Vice Principal
担任の先生⇒ Homeroom Teacher 、保健の先生⇒School Nurse
専科の先生⇒ Specialist Teacher 、主事さん⇒ 、Janitor

School Facilities

校門・正門⇒ school gate 、校舎⇒school building
校庭（運動場）⇒ground 、受付⇒reception desk
げた箱⇒shoe box/locker 、廊下⇒corridor
階段⇒ stairs 、昇降口⇒entrance
教室⇒silid aralan/classroom 、職員室⇒teacher ' s office/faculty room
図書室⇒library 、給食室⇒school kitchen
多目的室⇒multi-purpose room 、相談室⇒consultation room
保健室⇒school clinic 、警備員室⇒guard room
体育館⇒gym 、プール⇒swimmimg pool
トイレ⇒CR 、水飲み場⇒drinking fountain

Mga Subject

国語⇒ Japanese/Wikang Hapon 、算数⇒Mathematics/Matematika
生活⇒ Life Studies/Pamumuhay
Sa grade 3, mapapalitan ang subject na Life Studies ng Science at Social Studies
理科⇒ Science/Agham 、社会⇒Social Studies/Araling Panlipunan
図工（図画工作）⇒Arts and Crafts 、音楽⇒Music/Musika
体育⇒ P.E. 、家庭⇒Home Economics
道徳⇒ Moral Education 、総合（総合学習）⇒Integrated Studies
書写⇒ Japanese Calligraphy 、学活（学級活動）⇒homeroom activity
外国語活動⇒ English lessons 、クラブ⇒club activities
Ang club activities ay magsimula sa grade 4 at ang English Lessons ay sa grade 5.

Mga Kagamitan Kailangan kung may Activities

お弁当⇒baon 、水筒⇒water bottle

しきもの⇒picnic sheet 、お手ふき・おしぼり⇒wet hand towel

ビニール袋（スーパーの袋）⇒plastic bag

リュックサック⇒knapsack/rucksack 、しおり⇒pamphlet

着替え⇒ekstrang damit 、上着⇒indoor shoes

下着⇒ underwear 、雨具⇒rain coat

置きがさ⇒payong na iniiwan sa paaralan upang gamitin sakaling biglang umulan.

School Supplies

えんぴつけずり⇒pantakar/pencil sharpener 、粘土⇒clay

粘土板⇒clay board 、名前ペン⇒permanent ink pen

ドリル（練習問題）⇒Practice Drill

School Life

学習⇒pag-aaral 、学級、クラス⇒klase

男子・女子⇒lalaki/babae 、低学年⇒grade 1 at 2

中学年⇒grade 3 at 4 、高学年⇒grade 5 at 6

班⇒group 、当番⇒duty/shift

係⇒ tao na in-charge 、日直⇒on-day duty

読書⇒ pagbasa ng libro 、 読書週間⇒linggo ng pagbasa ng libro

自習⇒ self study/sariling pag-aaral 、名簿⇒listahan ng pangalan

鐘・チャイム⇒school clock 、目標（めあて）⇒purpose/layunin

起立（立ってください・着席（座ってください）⇒pagtayo at pagupo

テスト⇒exam 、けんか⇒pag-aaway

忘れ物⇒mga naiwan na gamit 、落し物⇒Mga nahulog

転入⇒estudyante na lumipat 、転入生⇒ a transfer student

放送⇒ broadcasting 、不審者⇒taong kahina-hinala

誘拐⇒ kidnapping 、地区班⇒distrito

きまり、きそく⇒a rule 、非難訓練⇒disaster evacuation drill

集団登校⇒grupong pagpasok 、集団下校⇒grupong pag-uwi

Kalusugan

手洗い⇒paghugas ng kamay 、うがい⇒pagmumumog
平熱⇒ normal temperature(ng katawan) 、排便⇒pagtatae
尿検査⇒urine test 、ぎょう虫検査⇒threadworm test
予防接種⇒ bakuna 、虫歯⇒cavity
けが⇒ sugat 、つめ⇒kuko
おもらし⇒nakaihi sa pants 、三角巾⇒sling,bandana
エプロン（白衣）⇒apron(hakui) 、台ふきん⇒pamunas
ランチョンマット⇒lunch mat 、ナフキン⇒napkin
ほうき⇒broom 、ちりとり tissue paper
雑巾⇒ cloth(pang-linis) 、バケツ⇒timba
インフルエンザ⇒New Influenza

13 Komunsulta kung may problema o hindi maintindihan na bagay

① Tungkol sa child ' s growth or relationship with friends

Bago ang pasukan sa paaralan maaring komunsulta sa NISHITOKYOSHI KYOUIKUIINKAI KYOUIKUBU KYOUIKU KIKAKUKA.
Makipag-ugnayan sa home room teacher ng inyong anak.

② Problema tulad ng pang-aapi

Kung may napansin na problema, kailangang makipag-ugnayan sa home room teacher. Pwede rin magpakonsulta sa school counselor.

③ Mga Problemang Pinasyal tulad

Financial Assistance for School Expenses(SHUUGAKU ENJYO SEIDO)

Mayroong suportang pinasyal na ibibigay ang Nishitokyo City sa pagbabayad ng pagkain at mga kagamitan sa paaralan.

Magtanong sa homeroom teacher tungkol dito.

Bago ang pasukan, makipagugnayan sa NISHITOKYO SHI KYOUIKUIINKAI KYOUIKUBU KYOUIKU KIKAKUKA.

Magtanong sa homeroom teacher tungkol dito.

④ Mga problema ng bata sa wikang Hapon

Japanese Support ---Maaring magpaturo sa Japanese Teacher sa loob ng paaralan. Makipag-ugnayan tungkol dito sa unang pagbisita／pakikipagusap sa homeroom teacher.

Japanese Class para sa mga bata – Sinusuportahan ng NIMIC (NPO) ang pag-aaral ng mga bata sa paaralan hindi lamang sa wikang hapon kundi maging ibang mga subjects.

Komunsulta sa NIMIC – Tel. 042-461-0381

⑤ Mga problema ng magulang／tagapag-alaga sa wikang

NIMIC --- Kung hindi ninyo maintindihan ang RENRAKU PURINTO (mga sulat ng paaralan),Makipag-ugnayan kayo sa NIMIC.

Sa Nishitokyo City, may mga ilang free of charge Japanese Language Class, access to– http://www.nimic.jp/download/japaneseclass.pdf

NIMIC tel:042-461-0381 (Mon -～Fri 10am-12noon,1pm- 4pm)

Maroon din Japanese Language Class na may taga-alaga ng maliit na bata habang nag-aaral.Ginagawa ito sa

YAGISAWAKOUMINKAN TEL： 042-464-8211

⑥ Education guidance

Maliban sa paaralan, maari ring magpakonsulta sa mga espesyalista. Nishitokyo City Education Consultation TEL：042-438-4077

Gabay para sa Magulang o Tagapag-alaga ng dayuhang mag-aaral sa pag-pasok sa
Public Elementary School sa Nishitokyo City

Patnubay sa Pagpasok sa Mababang Paaralan

Published: February 2011 Revised: January 2016

[Edited and Published by]
Board of Education of Nishitokyo City
Nishitokyo Multicultural and International Center
NIMIC Japanese Class for Kids
Translation by: Ryu Kou, Mizukami Luz, Noda Kentaro, Ko Seika

Maraming salamat sa Musashino Network for Pinatubo and the Mitaka InternationalSociety for Hospitality sa pagkabuo ng Elementary School Guidebook.
Nagpapasalamat po kami sa kanilang pakikipagtulungan.